Republic of the Philippines
# Department of Education
Region VIII
SCHOOLS DIVISION OF CALBAYOG CITY

Hulyo 30, 2025

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**BLG. 354, s. 2025**

**BUWAN NG WIKA 2025**

PARA SA: Ikalawang Pansangay na Tagapamanihala
Pampurok na Tagamasid
Namumuno ng mga Paaralan
Kaguruan at Kawani ng Sangay ng Calbayog

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s.1997 na nagtatalaga sa taonang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto1-31, ang Sangay ng Lungsod ng Calbayog sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division (CID) ay nakikiisa sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at ng sambayanag Pilipino sa pagdiriwang na ito. Ang Tema sa taong ito ay, **"Paglinang ng Filipino at Katutubong wika: Makasaysayan sa pagkakaisa ng Bansa"**

2. Alinsunod dito, ang lahat ng mga kawani at mga kaguruan ng Kagawaran ng Edukasyon sa lahat ng antas ng paaralan pampubliko man o pribado at mga mag-aaral ay hinihimok na makiisa sa pagdiriwang nito. Ang mga sumusunod ay iminumungkahing isagawa:

a. Pagsuot ng kasuotang Pilipino sa araw ng lunes sa buong buwan ng Agosto;
b. Pagsasagawa ng simpleng Pambungad na Palatuntunan sa unang lingo ng Agosto;
c. Paggamit ng Wikang Filipino at iba pang katutubong Wika sa pakikipagtalastasan at opisyal na komunikasyong korespondensiya sa buong buwan bilang pagpapahalaga sa Wika at Kulturang Pilipino;
d. Pagsasagawa ng Pampinid na Palatuntunan o kulminasyon sa Buwan ng Wika 2025.

3. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Memorandum na ito.

For:
**MARGARITO A. CADAYONA JR, PhD, CESO VI**
Nanunungkulan-Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

DEPED DIVISION OF CALBAYOG CITY
RELEASED
DATE: JUL 3 0 2025